



Batingaw


NG MANGGAGAWA

Boses, Karanasan, at Panawagan ng mga Manggagawa

Pahayagan ng
Diocese of Novaliches
Social Action Commission
Labor Ministry



ESPESYAL NA ISYU
ABRIL 2017



Mga Manggagawa, Nagsagawa ng Istasyon ng Krus

Nilunsad ng Labor Ministry at SMKP ang kaunahang istasyon ng krus sa tapat ng mga parbrika sa kahabaan ng Gen. Luis Novaliches Q.C, na may temang "Kalbaryo ni Kristo, kalbaryo ng mga manggagawa."

Sa pangunguna ni Rev. Fr. Melchor T. Balinggao, kura paroko ng Sacred Hearth Parish Caybiga, Quezon City, nagsimula ang istasyon sa Sakomoto hanggang sa San Isidro Labrador Parish Villanova Church na dinaluhan ng mahigit 60 katao mula sa ibat-ibang organisasyon ng mga manggagawa at simbahan, tulad ng Ugnayan ng mga Manggagawa at Lakas ng Pagkakaisa ng Alber Smith (UMALPAS), Manggagawa Magkaisa Kilos Na (MAKINA) ng Accuplash at Asiapack Plash Manufacturing Inc, Samahan ng Manggagawa ng Kristiyanong Pamayanan (SMKP) Chapter ng Bagong Silangan, Capri, NPC Road at Gold Mine, Basic Ecclesial Community (BEC), Parish Social Action Ministry (PSAM) ng San Isidro Labrador Parish Capri. Kasama rin ang BEC Animator ng Diocese na si Karl Comiling at mga lay volunteer at Lay Coordinator ng Labor Ministry.

Taong 2012 pa nagsimula ang ganitong aktibidad tuwing ikalawang Sabado ng buwan ng Abril. Isa ito sa iba't-ibang anyo ng pagpapakita ng pagkakaisa ng mga manggagawa para sa seguridad sa trabaho. Panawagan ng mga

manggagawang dumadalo ay nakabubuhay na sahod, kaligtasan sa paggawa, pagwawakas sa kontraktwalisasyon, at karapatan sa pag-uunyon.

Ngayong taon nama'y napagkaisahang i-angkop sa kwaresma ang tema ng taunang aktibidad bilang paggunita sa sakripisyo at pagpapakasakit ni Hesukristo para sa sanlibutan.

Ang mga manggagawa'y nagpapakasakit rin

Tulad ni Hesus, ang mga manggagawa'y hinahamak at pinagpapakasakit ng kanilang kalagayan sa paggawa. Ang kontraktwalisasyon, mababang sahod, di ligtas na lugar-paggawa na pawang pumapabor sa mga kapitalista ay pakong bumabaon at unti-unting pumapatay sa mga manggagawa't mamamayan.

Pag-alaala sa mga kamanggagawa

Ang pagninilay na ito ay nagbibigay mukha sa kalagayan ng mga manggagawa. A Nilalayan ng istasyon ng krus na maipadama sa mga kamanggagawa ang halaga ng bawat isa bilang mga anak ng Diyos. Ipinapakita ng bawat istasyon, tulad ni Kristo, na dapat tumindig ang mga mamamayan sa katotohanan, bigyang katarungan ang mga Pilipinong daang-taon nang pumapasan ng krus dahil sa pagpapakaganid ng iilang may kapangyarihan.

EDITORIAL

DO 174 Panibagong Linsensya ng Kontraktwalisasyon sa Paggawa

Pinirmahan ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa pangunguna ni Secretary Silvestro Bello III ang Department Order (DO) 174 noong Marso 16, 2017. Nilalaman nito ang mga panibagong alituntunin (Implementing Guidelines) sa pagpapatupad ng kontraktwalisasyon sa paggawa.

Tampok sa DO 174 ang pagreregularisa sa mga manggagawang nakapaloob sa mga manpower agency na halos walang pinag-iba sa naunang Win-Win Solution ng Employers' Confederation of the Philippines (ECOP).

Sa pagkakataong ito, nabigo si Pangulong Duterte na tuparin ang kaniyang pangako noong nakaraang halalan na magwawakas ang kontraktwalisasyon sa oras na siya'y maupo sa pwesto.

Ayon sa katuruan ni Papa Francisco, "Kapag kapital ang nagpapatnubay sa pagdidesisyon ng tao at ang kasakiman sa salapi ang mangibabaw at manguna sa buong sistemang sosyo-ekonomiko, sisirain nito ang lipunan, parurusahan at inaalipin nito ang sangkatauhan. Wawasakin nito ang kapatiran ng tao at inilalagay nito ang tao laban sa isa't isa."

Kaya't walang maaasahan ang mga manggagawa sa sistemang ito na pinaghaharian ng mga sakim sa kapangyarihan at pera. Sang-ayon sa katuruan ng simbahang Katolika at ni Papa Francisco, ang kinabukasan ng sangkatauhan ay higit na nakasalalay sa lakas ng pagkakaisa ng mga manggagawa at mamamayan. Kaya't sa mga kamanggagawa, makatuwiran ang inyong ginagawang pag-abot sa lahat ng mga manggagawa upang palakasin ang nagkakaisang panawagang wakasan ang kontraktwalisasyon. Dahil, tanging sa sama-samang pagkilos lamang natin makakamit ang ating mga kahingian.

SABI NI POPE:



Ang unyon sa paggawa ay naging isang mapagpasyang pwersa sa pagbabago ng lipunan, kung wala ito, hindi magkakaroon ng disente at makataong lipunan na di magaganap sa kapitalismo."

Vox Populi Vox Dei

Sr. Emelina Villegas, ICM

Ang Pambihirang Taon ng Jubileo ng Awa

“May awa ang Diyos” ang buwang-bibig ng Pinoy kapag nagigipit, may dinaramdam, inaapi o nilalapastangan. Totoo, ito rin ang idinidiin ng Santo Papa sa kanyang kasulatan na pinasinayaan noong ika-8 ng Disyembre, 2015. Binibigyan niya tayo ng isang taon, upang pag-aralan, unawain, pagnilayan, yakapin at isabuhay ito.

HABAG/AWA, ito ang pinakamatinggad at pinaka mainit na paglapit ng Diyos sa lahat ng kanyang nilalang. Ito ang yapos ng pag-ibig ng Diyos sa bawat isa sa atin. Ang habag ay hindi salita lamang kundi ito ay buhay, nakikita, nararamdaman sa pagkatang mukhang habag ay walang iba kundi si Hesukristo mismo. Si Hesus na namahay sa ating mundo, ipinanganak,

lumaki, nangaral, nagpagaling ng mga may sakit, pinaratangan at pinarusahan, pinatay sa krus, nabuhay na mag-uli at niluwalhati ng kanyang Ama. Tinuruan niya tayo sa pamamagitan ng kanyang salita at gawa.

Walang kasalanan, gaano man kalaki o kabigat, ang hindi mapapatawad ng habag ng



TAMPOK SA LARAWAN Mga bagong halal na opisyal ng SMKP - Bagong Silangan Chapter

Diyos. Ang kadakilaan ng Diyos ay higit pa sa mga kasalanan nating lahat. Napatunayan niya ito nang magkasala sina Eba at Adan. Hindi niya pinabayaan ang sangkatauhan bagkus iniligtas niya ito sa harap ng grabeng kasalanan. Ang tugon ng Diyos ay habag. Mababasa rin natin sa Bibliya ang tungkol sa alibughang anak: nagsisisi at bumalik sa kanyang ama. Inilarawan kung paano siya tinanggap ng ama ng buong puso. Pinaghanda at binihisan ng maayos. Ang kwento ay sumasalamin sa habag ng Diyos. Ganoon din ang babaeng nahuli sa pakikiapid, di binato ni Hesus gaya ng nasasaad sa kautusan ng mga Hudyo. Pinatawad niya at sinabihang huwag nang magkasala.

Binuksan sa taong ito ang maraming pinto ng simbahan sa ibat-ibang panig ng mundo upang maging pinto ng habag, sagisag ng pagiging bukas ng simbahan – kung saan mararanasan ng mga mananampalataya ang pag-ibig, kapatawaran, pag-asa at galak na siyang bungang habag.

Kung ang Diyos na ating Ama ay maawain, bakit di tayong kanyang mga anak, mga binyagan o mga alagad?

Maaaring sabihin ng mga manggagawa na dapat akong kaawaan dahil mababa ang aking sahod at laging kontrakwal. Tama ito ngunit ang unang udyok ng habag ay ang pakikiramay, pagmamalasakit sa iba na nakakaramdam ng parehong problema at hindi papara sa sarili lamang. Dahil sa habag, natural na maramdaman ang iniindang mababang sahod. Dahil sa habag, nagkakaisang damdamin ang mga magkakasama, lumalawak ang pang-unawa. Sa habag nagkakalapit ang bawat isa. Kaya dito natin makikita na ang habag ay di makasarili kundi nagpapalawak ng paningin mapagmalasakit. Ito ang habag ng Diyos na dapat nating tularan. Sa Exodo, sinabi ng Diyos kay Moises," akong si Yahweh ay mapagmahal at maawain. Hindi ako madaling magalit, patuloy kong pinadarama ang aking pag-ibig at ako ay nananatiling tapat."

Ang habag ay nagbubuklod. Dahil nararanasan ko ang nararanasan ng aking mga kasamahan, nagkakaroon ng pagkakaisa. Pare-pareho ang ating nararanasan, magsama-sama tayo at hindi kanya-kanya. Kung walang pagkakaisang-ayon, dahil marahil mabawbaw ang habag o walang habag na

nadarama. Nasa isip lamang ang problema, wala sa puso, wala sa malasakit. Bakit may mga taong walang pakialam? Dahil lugmok sa sarili, nagiging manhid sa kalagayan ng iba. Kung minsan ang masyadong nakatutok sa "selfie" ay maaari ding magdulot ng sobrang makasariling paningin, di na nakikita at nadarama ang nangyayari sa paligid at ang epekto nito sa mga tao at kapaligiran.

Malaki ang aral at hamon na binibigay sa atin ng Jubileong Awa lalo na sa ating pagbubuklod at pagkakaisa. Yakapin natin ang awa na ipinamalas at ipinapamalas ni Hesuskristo sa atin at isabuhay ito sa ating pamilya, komunidad at pagawaan. Ang ating habag at masinop na pag-aanalisa ng mga isyu sa paggawa at lipunan ay magbubunga ng panibagong inisiyatiba, malikhaing paghahanap ng iba't-ibang pamamaraan at masigasig na pagkilos. Ang habag ng Diyos na isinabuhay ni Hesus ang ating mahigpit na gabay at inspirasyon.

Ang Habag ng Diyos ay nangunguna, nag-aabang, nagkukusa, nanghihikayat, di tumiitigil, di nag-aatubili, di bumibigay, di nababagot, laging handa, puspos ng pag-ibig!



Kapihang nagresulta sa pagkakaisa ng Manggagawa

Taong 2016 nang simulan ng Labor Ministry ang programang “Magkape kasama si Attorney” na may temang “Problema mo, Problema Nating Lahat: Pag-usapan at Solusyonan.” Kaya’t noong huling kapehan noong Nobyembre ay dinaluhan ng mahigit 60 manggagawa mula sa Accuplas, Asiapack, Sobida, Albert Smith, Kentex, Rebisco, Robin Co., at Leo Tire.

Sa pagkakataong ito’y iniluwal ang “Manggagawa Magkaisa Kilos Na” o MAKINA bilang kaisahang buuin ang isang organisasyong magbubuklod sa mga manggagawang kontraktwal sa iba’t ibang pabrikang nasasaklawan ng Diyosesis ng Novaliches.

Tampok sa kapihan ang kwento ni Myrna Pisaw, manggagawang biktima ng trahedyang sa Kentex

noong 2015 at tumatayong national spokesperson ng Kilos Na Manggagawa. Nagbahagi sya ng kanyang karanasan sa pagkakaaligtas at para sa kanya, “Nabuhay ako hindi para sa aking sarili kundi para sa aking mga kasamahan at para mabigyan ng hustisya ang mga tulad kong manggagawang biktima ng trahedyang tulad sa Kentex at imulat sila buuin ang malakas na pagkakaisa ng lahat ng mga manggagawa.”

Noong ika- 5 ng Marso, 2017, sinimulang muli ng Labor Ministry ang kapihan kasama si Atty. Noel Neri ng Pro-Labor Legal Assistance Center sa Ina ng Buhay Parish, Quezon City, katuwang ang MAKINA at napagpasiyahang ilunsad ang programa tuwing huling Linggo kada buwan.

Ang MAKINA ay matagumpay

na nabuo sa gabay ng Kilos Na Manggagawa! (Pambansang Organisasyon ng mga Nagkakaisang Manggagawa) na naglalayong wakasan ang anumang porma ng kontraktwalisasyon at pagpapatulad ng pambansang minimum na sahod, P750/araw sa pribadong sektor at P16,000/kada buwan sa publikong sektor.

Sa pakikipagtalakayan ay nabuksan din ang iba pang malubhang kalagayan sa mga pagawaan. Kung kaya’t napagkaisahang gawin itong regular na aktibidad ng Labor Ministry. Layunin nitong maabot at hikayatin ang iba pang mga manggagawa na nakararanas ng parehong kalagayan.

Walang sinuman ang makapipigil sa nagkakaisang diwang mga manggagawa tungo sa pambansang pagbabago! Manggagawa magkaisa, kilos na!

Magkape kasama si Attorney at taong simbahan

**PROBLEMA MO,
PROBLEMA NATING LAHAT**
Pag-usapan natin at solusyonan!

**TUWING HULING LINGGO NG BUWAN
INA NG BUHAY PARISH**
Jordan Heights Subd, Brgy. Nagkaisang Nayon, QC

